


# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 4: Sanhi at Bunga/ Problema at Solusyon at

## Dayagram, Tsart, Mapa, at Grap



**Filipino – Ikaanim na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Sanhi at Bunga/Problema at Solusyon at  
Dayagram, Tsart, Mapa at Grap  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Ma. Luisa L. Garboso, Christian S. Panes	
<b>Editor:</b>	Juliet P. Quezon	
<b>Tagasuri:</b>	Juliet P. Quezon Edwin Pameroyan Jenelyn G. Navajas Celestino S. Dalumpines, IV Antonette Espora	Emily D. Claro Carmel Joy P. Aujero, Roselyn Roldan, Angela B. Dilag
<b>Tagaguhit:</b>	Ednan Jamandre	Ana Mae P. Aujero
<b>Tagalapat:</b>	Jerry R. Baguios Ma. Dianne Joy R. dela Fuente	Joy P. Nakamura
<b>Tagapamahala:</b>	Ma. Gemma M. Ledesma Elena P. Gonzaga Juliet P. Quezon,	Gladys Amylaine D. Sales Federico P. Pillon, Jr. Carmel Joy P. Aujero

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City  
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653  
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# Filipino

**Ika-apat na Markahan – Modyul 4:  
Sanhi at Bunga/Problema at  
Solusyon  
at  
Dayagram, Tsart, Mapa, at Grap**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Kumusta ka mag-aaral?

Ayos lang ba kayo sa inyong komunidad? Ano ba ang mga pangyayaring naganap kamakailan lamang sa inyong lugar? Ano ba ang mga dahilan bakit nangyari ito? Ano ba ang naging epekto nito sa ating buhay?

Ang isang pangyayari ay may pinagmulan o dahilan at may kinalalabasan at maaari itong maipakita sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay ng mga ito sa isang dayagram.

Ano ang tinatawag na dayagram, tsart, mapa, o grap? Ano ang kahalagahan ng mga ito? Tatalakayin natin ang mga ito sa ating aralin. Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang mapadali ang pag-unawa mo sa mga ito bilang mga pantulong sa pagkalap ng mga impormasyon at matuto.


Sa pagtatapos mo ng modyul na ito, inaasahan kang:

- nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga ng mga pangyayari/problema at solusyon **(F6PN-IVF-10)** at
- nakapagtatanong tungkol sa impormasyong inilalahad sa dayagram, tsart, mapa, at graph **(F6PB-IVg-20)**.



## Subukin

**Panuto:** Punan ng angkop na **Sanhi at Bunga** ang mga kahon kaugnay ng sinundang detalye. Unawain ang mga impormasyong nasa dayagram at sagutin ang mga tanong tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



**Aralin****1****Sanhi at Bunga/ Problema at Solusyon, at Dayagram, Tsart, Mapa, at Grap*****Balikan***

**A. Panuto:** Kilalanin ang sumusunod na akda kung ito ay **Piksiyon o Di-Piksiyon**. Isulat ang mga ito sa tamang hanay sa loob ng tsart. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


1. Ang Alamat ng Niyog
2. Ang Talambuhay ni Manuel L. Quezon
3. Si Pagong at si Matsing
4. Ang Tagumpay ni Manny Pacquiao
5. Duterte: Ang Pangulo
6. Ang Kapre sa Puno ng Balete
7. Ikalawang Digmaang Pandaigdig
8. Mga Epekto ng Pandemya
9. Ang Leon at Ang Daga
10. Ang Alamat ng Pinya

<b>Piksiyon</b>	<b>Di-Piksiyon</b>




## Tuklasin

**B. Panuto:** Gamit ang dayagram, ibigay ang maaaring maging bunga ng sanhi na makikita sa loob ng malaking bilog. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



**C. Panuto:** Nasa ibaba ang mapa ng Negros kasama ang pananda. Pag-aralan at sagutin ang mga tanong sa ibaba.





**Mga tanong:**

1. Base sa mapa, anong wika ang ginagamit ng mga tagalungsod ng Silay?

---

2. Anong wika ang ginagamit ng mga taga-Bais?

---

3. Ayon sa mapa, ang Bacolod ay nabibilang sa Negros Occidental anong wika ang ginagamit ng mga tagarito?

---

4. Kung si Jeffrey ay tagalungsod ng Bago anong wika ang kaniyang ginagamit kung titingnan ang mapa?

---

5. Karamihan sa mga tao rito ay mga Cebuano. Saang bahagi ng Negros ito?


---



***Suriin***

Ang dayagram, tsart, mapa, at grap ay mga grapikong pantulong upang madaling maunawaan ang mga impormasyon. Sa pamamagitan ng mga ito, napasisimple ang paglalahad ng mga datos sa isang teksto. Kapaki-pakinabang ang mga ito para sa isang batang katulad mo sapagkat araw-araw ay marami tayong impormasyon o datos na nababasa o naririnig. Katulad na lamang sa mga datos tungkol sa dami ng mga taong nagpositibo sa COVID 19 sa isang lugar o bilang ng mga gumaling mula sa sakit na ito.


**A.** Suriin ang halimbawa ng Sanhi at Bunga sa ibaba:



**B.** Narito pa ang ilang halimbawa:

<b>SANHI</b>	<b>BUNGA</b>
1. Masipag mag-aral.	Nakakuha ng mataas na marka.
2. Tumutulong sa gawaing-bahay kung walang pasok.	Masaya ang kaniyang nanay.
3. Tinuturuan ang mga nakababatang kapatid sa kanilang aralin	Hindi nahihirapan sa pagsagot ang mga kapatid.
4. Nanalo sa isang kilalang patimpalak.	Napagyaman ang talento at nagkaroon ng lakas ng loob.
5. Mahilig kumain ng gulay at prutas.	Lumusog ang katawan.

- C. Makikita mo rin sa ibaba ang iba pang paraan ng paglalahad ng Sanhi at Bunga sa pamamagitan ng isang dayagram:



Ang ugnayang Sanhi at Bunga/Problema at Solusyon ay ilan sa mga pangyayari na maaaring ilahad sa pamamagitan ng dayagram. Napakahalaga ng malinaw na pagkaunawa sa ugnayang ito upang magiging malinaw din sa mambabasa ang nilalaman nitong impormasyon.

Ang ugnayang problema at solusyon ay napakahalaga upang malaman ang pinagmulan at kinalabasan ng isang problema. Kung madali nating matutukoy ang problema, mas malaki ang posibilidad na makaisip agad tayo ng solusyon upang malutas ito.




## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**


Marami sa mga kabataan ngayon ang nahihilig sa paggugol ng kanilang oras sa *social media* tulad ng *Facebook*, *Twitter*, *Instagram*, *Youtube*, at marami pang iba. Ito ay maaaring magdala ng kabutihan o kasamaan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa puntong ito, ikaw ay magbibigay ng maraming dahilan ng paggamit ng *social media* at ang maaaring epekto nito sa iyong buhay.

**Panuto:** Ibigay ang mabuti at masamang sanhi at bunga ng paggamit ng *social media* gamit ang dayagram. Punan ng angkop na Sanhi at Bunga ang mga kahon kaugnay ng sinundang detalye. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



## Gawain 2

**Panuto:** Pag-aralan ang mapa sa ibaba at sagutin ang sumusunod na tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



### Mga Tanong:

1. Kailan inilabas at saan nakuha ang impormasyon mula sa mapa sa itaas?

2. Ilan ang maaaring pinakamababang kaso ng nagpositibo sa COVID-19 sa Lungsod ng La Carlota?  
\_\_\_\_\_
3. Ano-anong mga bayan sa Negros Occidental ang may pinakakaunting kaso ng nagpositibo sa COVID-19?  
\_\_\_\_\_
4. Ano-anong mga bayan sa Negros Occidental ang may pinakamaraming kaso ng nagpositibo sa COVID-19?  
\_\_\_\_\_
5. Paano mo bibigyan ng interpretasyon ang kalagayan ng Lungsod ng Cadiz at kalagayan ng bayan ng Hinoba-an kaugnay sa bilang ng kaso ng nagpopositibo sa COVID-19?  
\_\_\_\_\_

### Gawain 3

**Panuto:** Suriin ang tsart ng buwanang gastos ng pamilya Dela Cruz sa kanilang mga pangangailangan na nasa ibaba. Bumuo ng mga tanong upang makuha ang mahahalagang impormasyon mula rito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

#### Buwanang Gastos sa Mga Pangangailangan ng Pamilya Dela Cruz

<b>Buwan</b>	<b>Pagkain</b>	<b>Tirahan</b>	<b>Pag-aaral</b>	<b>Kalusugan</b>	<b>Insurance</b>
Enero	₱4,800.00	₱3,600.00	₱2,600.00	₱1,500.00	₱1,200.00
Pebrero	₱4,600.00	₱3,600.00	₱2,800.00	₱1,800.00	₱,200.00
Marso	₱4,800.00	₱3,600.00	₱2,800.00	₱1,300.00	₱1,200.00
Abril	₱5,600.00	₱3,600.00	_____	₱1,500.00	₱1,200.00
Mayo	₱6,000.00	₱3,600.00	₱16,800.00	₱1,200.00	₱1,200.00
Hunyo	₱4,800.00	₱3,600.00	₱2,800.00	₱2,800.00	₱1,200.00

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



## Isaisip

Kadalasan, ang mga pangyayari sa ating buhay ay may ugnayang **sanhi** at **bunga/problema at solusyon**.

Ang **sanhi** ay ang pangyayaring nagsasaad ng dahilan at ang **bunga** ay ang kinalabasan o naging epekto nito.

Ang mga impormasyon ay maaring ipahayag gamit ang mga grapikong pantulong na dayagram, tsart, mapa, at grap upang mas madaling maunawaan.

Ang ugnayang sanhi at bunga/problema at solusyon ay napakahalaga upang malaman ang pinagmulan at kinalabasan ng isang problema. Kung madali nating matutukoy ang problema, mas malaki ang posibilidad na makaisip agad tayo ng solusyon upang malutas ito.




## Isagawa

**A. Panuto:** Gumawa ng dayagram ng ugnayang Sanhi at Bunga ng pangyayari batay sa larawan sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Pilipino Star Ngayon 2018

**Panuto:** Pag-aralan ang grap. Gumawa ng limang tanong upang makakuha ng sapat na impormasyon mula rito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.




1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



## Tayahin

**Panuto:** Punan ng angkop na mga pahayag ang mga kahon sa dayagram upang ipakita ang ugnayang sanhi at bunga. Gawin ito sa iyong sagutang papel.







## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Manood ng balita ukol sa mga pangyayaring nagaganap sa ating bansa sa kasalukuyan. Gumawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga o problema at solusyon batay sa napanood na balita. Gawing malikhain ang iyong dayagram sa pamamagitan ng pagbuo nito gamit ang iba't ibang hugis at kulay. Matapos ito, lagyan ng pamagat ang iyong nabuong dayagram. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

A large, empty rectangular box with a dashed black border, intended for the student to draw their diagram.



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subukin</b></p> <p>1-5 ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</p>	<p><b>Balikan A</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Piksiyon</li> <li>2. Di-Piksiyon</li> <li>3. Piksiyon</li> <li>4. Di-piksiyon</li> <li>5. Di-piksiyon</li> <li>6. Piksiyon</li> <li>7. Di-piksiyon</li> <li>8. Di-piksiyon</li> <li>9. Piksiyon</li> <li>10. Piksiyon</li> </ol>	<p><b>Tuklasin</b></p> <p>ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</p>
<p><b>Pagyananin</b></p> <p>1-5 ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</p> <p>1-5 ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</p>	<p><b>Pagyananin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Abril 4, 2021, Negros Occidental</li> <li>2. 31</li> <li>3. (Pakilagay ng guro)</li> <li>4. (Pakilagay ng guro)</li> <li>5. ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</li> </ol>	<p><b>Isagawa</b></p> <p>A. ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</p> <p>B. ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</p>
<p><b>Karagdagang</b></p> <p>ang guro ang magpapasya sa pagpuntos sa sagot ng mag-aaral.</p>		

## ***Sanggunian***

Pilipino Star Ngayon (2018, June 28). EDITORYAL - Curfew vs minors dapat paigtingin. PhilStar. Retrieved from [EDITORYAL - Curfew vs minors dapat paigtingin | Pilipino Star Ngayon \(philstar.com\)](#)

Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council (2021, April 4). NEGROS OCCIDENTAL Cumulative Report From March 27, 2020 to April 3, 2021. Provincial Government of Negros Occidental. Retrieved from [https://www.facebook.com/NegOcc.Gov/photos/pcb.2941592476104656/2941592049438032/](#)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)